

PROLOGUE

“Adam, kailangan ka na namin sa Pilipinas.”

Tiningnan ni Adam ang ama sa harap ng dinner nilang steak at mashed potatoes. Hindi pa nito ginagalaw ang pagkain nito. Sa halip ay nakatingin ito nang derecho sa kanya. Alam niyang sinisingil na siya ng magulang sa pangakong binitiwang niya pitong taon na ang nakakaraan nang madiskubre nito na sa halip na sa *Harvard Business School* ay nag-transfer siya ng eskuwelahan sa *United States Military Academy at Westpoint*.

Sa Amerika nagkakilala at nagpakasal ang mommy at daddy niya at doon din siya ipinanganak kung kaya nag-e-enjoy siya ng dual citizenship. Mula four years old siya ay sa Pilipinas na sila nanirahan, but it had always been known na pagkatapos niya ng high school ay babalik siya ng Amerika para magpatuloy ng pag-aaral.

Nakapasa siya sa *Harvard* sa kursong Business dahil responsibilidad niya ang pumalit sa kanyang ama, katulong ang half-brother niyang si Kane sa pagpapatakbo ng mga negosyo nila.

He was doing well in *Harvard*. Pero mayroon siyang problema. Hindi siya nacha-challenge, alam ni Adam kung bakit at alam niya rin kung nasaan ang kanyang tunay na interes. He had always wanted to be in the military. Hindi gaano ang interes

niya sa armed combat kahit na bilang natural athlete ay alam niyang magiging mataas ang proficiency level niya roon. Mas interesado siya sa military intelligence. Even as a kid, he liked solving puzzles and mind games. He liked strategizing. Pero inisip na lang niya na ilang taon lang naman at makakatapos na siya ng kurso at makakabalik ng Pilipinas. Baka sakaling mabibigyan siya ng sapat na challenge ng corporate world and so he was willing to let things go along his family's wishes. And then destiny happened...

Nailigtas niya ang buhay ng isang kaklase sa isang aksidente sa isang college party sa *Harvard*. Dahil doon ay inimbitahan si Adam sa bahay ng mga ito. Nakilala niya ang ama nito na isang high-ranking US Military official. Nakagaanan niya ito ng loob lalo na at pareho sila ng interes na hindi naman gusto ng anak nito. Naging malimit ang kanilang pagkukuwentuhan at nang mapansin nito ang kanyang genuine passion for the military ay hinikayat siya nito na mag-apply sa *Westpoint*. Sabi nito dahil sa academic excellence na ipinakita niya sa *Harvard*, ang kanyang citizenship at ang mataas na rekomendasyong ibibigay nito, malaki ang chance na matatanggap siya.

Alam niyang hindi siya papayagan ng kanya ng ama kaya isinikreto niya iyon dito. Nasa third year na siya sa *Westpoint* nang magpunta ito nang walang pasabi sa Amerika at doon ay nadiskubre ang kanyang ginawa.

Noong una ay galit na galit ito sa kanya pero wala na rin

itong nagawa dahil sa pagmamatigas niya. Ever the businessman, his father offered a compromise.

“Okay, Adam, do it your way. Papayag ako rito pero may hihingin ako sa iyong kapalit. Pagbigyan mo ang sarili mo sa loob ng seven years. Two years na lang bago ka grumaduate at pagkatapos, serve the military for the minimum five years required. Pagkatapos noon, pagsilbihan mo naman ang iyong pamilya. Be the dela Cuesta that you are at bumalik ka sa Pilipinas para harapin ang responsibilidad mo doon.”

Kahit na ang pakiramdam niya ay isa siyang batang pinayagang maglaro lamang ng computer sa loob ng ilang oras, it had seemed like a good compromise. Pumayag siya.

Pagka-graduate ni Adam ng *Westpoint*, ang ama ng kaibigan niya ang nag-alok sa kanya ng kasalukuyan niyang posisyon sa isang Intelligence Division ng military. Doon ay nakuha niya ang respeto at paghanga maging ng mga Amerikanong katrabaho sa loob ng limang taon. Pero ngayon nga ay tapos na ang pitong taon niya. He needed to comply with his father’s wishes. Napaghandaan na niya ito. At sa pagkakataong ito, siya naman ang may iaalok na compromise.

“Yes, Dad. Uuwi ako sa Pilipinas pero kailangan mong pakinggan ang isa kong business proposition.”

Sa salitang business ay nakita niya ang kislap ng mata ng kanyang ama. “Fire away, son,” anito.

“Well, business for you but for me... Sabihin na lang natin na para hindi naman masayang ang pinag-aralan at training ko.”

“What do you have in mind?”

“Karagdagan sa responsibilidad ko sa mga businesses ng pamilya, magsisimula ako ng isang maliit na private agency. The agency will provide services that will require my military expertise. Ako ang bubuo at pipili ng mga projects na tatanggapin at ako rin ang mangunguna sa strategies. Bubuo ako ng isang maliit na team na siyang mag-a-run ng field operations...”

“Paano mo gagawin iyon?”

“I have talked to some influential people in the government and in the military as well. They are willing to support my operation and help me with the legal documents.”

“Bakit nila gagawin iyon?”

Alam niya ang ikinakatakot ng ama. Diskumpiyado ito sa maaaring hilinging hindi maganda ng mga nangako sa kanya ng suporta.

“Dad, I ran a background check on all these people. Malinis sila. They will support me dahil alam nilang makakatulong sa kanila ang karanasan ko sa intelligence work para suportahan ang kakulangan ng iba nilang operasyon sa Pilipinas. Strictly as a private entity of course. Para puwede kong piliin ang tatanggapin kong projects.”

“Sabi mo maliit na grupo? How small?”

“Four women.”

“Women?”

“Yes, Dad. Sa karanasan ko rito, I found na mas mataas ang success rate ng mga planong ginawa ko na female ang field operatives. Of course, hindi mga ordinaryong babae lang ang pinag-uusapan natin. They should be physically and intellectually gifted. At dahil apat lang sila, their skills and talents should complement each other’s.”

Nanliit ang mga mata ng daddy niya. “Mukhang napag-isipan mo na ito nang mabuti, Adam.”

“Yes, Dad.”

“And what would you call this group?”

“ELEMENTS.”

“Why?”

“Dad, you remember that in the ancient times, people believed that everything was made up of four ELEMENTS? Ang apat na babaeng kukunin ko ay tatawagin sa mga pangalan ng ELEMENTS as the old world knew them: **Fire**, **Earth**, **Rain** to represent water and **Wind** to represent air.